REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-108

KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA HINIHILING SA KATAAS-TAASANG HUKUMAN (SUPREME COURT) SA PAGBABALIK NG BAHAGI NG SOUTH EXPRESSWAY MULA SA NICHOLS HANGGANG SA ALABANG SA ILALIM NG PANGANGASIWA NG PHILIPPINE NATIONAL CONSTRUCTION CORPORATION (PNCC).

************************************************************

SAPAGKAT, ang masamang katayuan ng South Luzon Expressway mula Nichols hanggang Alabang ang pinagmumulan ng malaking perwisyo sa mga mamamayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pananatili ng ganitong masamang katayuan ng nasabing bahagi ng South Luzon Expressway ay nagiging dahilan ng madalas na pagtigil o pagbagal ng trapiko, pagbaha at aksidente;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang masamang katayuan ng nasabing bahagi ng South Luzon Expressway ay sanhi ng pagkabigo ng Department of Public Works and Highways (DPWH) at ng ibang sangay ng pamahalaan na inatasang pumalit sa pangangasiwa ng Philippine National Construction Corporation (PNCC) sa South Luzon Expressway;

SAPAGKAT, ang bahagi ng South Expressway mula sa hangganan ng Sucat at Alabang ay hindi kabilang sa prankisya ng Construction Development Corporation of the Philippines (CDCP) na ngayon ay PNCC, sa bisa ng ipinaiiral na desisyon ng Court of Appeals sa CA-GR No. Sp. 13235, iprinoklama noong Agosto 4, 1989 na pinasimulan ng isang "quo warranto proceeding" na isinampa ng Republika ng Pilipinas sa Makati Regional Trial Court sa pamamagitan ng sakdal na iniharap ng Federation of Paranaque Homeowners Association, counsel Ceferino Padua at intervenor Fernando Gaite sa Office of the Solicitor General (OSG);

SAPAGKAT, batay sa nasabing desisyon, ang DPWH ay inatasang mangalaga sa "disenfranchised portions" ng North at South Expressways (mula Balintawak hanggang Tabang at mula Villamor hanggang Alabang) na siya ring inatasan ng RTC Makati upang simulan ang pagkumpuni ng nasabing expressways subalit sa hindi malamang dahilan ay hindi na ito naipagpatuloy pa ang gawain na lubhang nakaapekto sa mga motorista lalo't higit sa mga bumibiyahe araw-araw mula sa iba't-ibang subdibisyon sa Muntinlupa;

SAPAGKAT, dahil sa pagkabigo ng DPWH na magampanan ang tungkulin nito na maipagpatuloy ang pagpapanatili ng "disenfranchised portions" ng South Expressways alinsunod sa nasabing desisyon, ang PNCC ay pumasok sa isang "compromise agreement" sa Republika ng Pilipinas na kinatawan ng OSG, ng DPWH, Toll Regulatory Board (TRB) gayundin ang Federation of Paranaque Homeowner's Association, counsel Ceferino Padua at Amelito Mutuc bilang intervenor, na ang nasabing "compromise agreement" ay pinagtibay ng Korte Suprema noong Agosto 20, 1990 sa GR No. 89557 na pinahihintulutan ang PNCC na kumolekta ng maintenance fees sa ibinabang halaga at inililipat ang pangangasiwa sa DPWH para sa operasyon ng nasabing bahagi ng Expressways sa pamamagitan ng TRB at pakikipagtulungan ng PNCC;

SAPAGKAT, ang mga mamamayan ng bayan ng Muntinlupa ay may pagnanasa at kahilingan na ibalik ang bahagi ng South Expressway mula Nichols hanggang Alabang sa pangangasiwa ng PNCC at kahandaan na magbayad ng toll fees kung mapapabuti ang kalagayan ng nasabing pangunahing lansangan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na hilingin sa Kataas-taasang Hukuman (Supreme Court) ang pagbabalik ng pangangasiwa ng Philippine National Construction Corporation ang bahagi ng South Expressway mula sa Nichols hanggang Alabang.

PINAGTIBAY NG HIGIT NA NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-60th ng regular na pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Oktubre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Hindi Sang-ayon)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Hindi Lumahok)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

(On-Leave)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan